CITY OF LONG BEACH

4/15/2020
PARA SA AGARANG PAGLABAS Pahayag para sa Press # 041520B

Paksa: **Ang Konseho ng Lungsod ay Gumagawa ng Aksyon para sa Pang-ekonomiyang Tulong (Economic Relief)**

Kontak: Lungsod ng Long Beach Joint Information Center
562.570.NEWS (Mga tanong lamang ng Media)
jic@longbeach.gov (Mga tanong lamang ng Media)
MGA RESIDENTE: Mangyaring tumawag 562.570.INFO

Long Beach, CA — Kahapon, ang Konseho ng Long Beach City Council ay lubos na nagkaisa sa pagpatibay ng 25 indibidwal na mga aksyon na may kaugnayan sa isang makasaysayang lokal na Economic Relief Package (Package para sa Pang-ekonomiyang Tulong) na idinisenyo upang matulungan ang mga nagtatrabahong pamilya at maliliit na may-ari ng negosyo na naapektuhan ng pandemya ng COVID-19.

"Ipinagmamalaki ko na ang ganitong economic relief package ay nagpoprotekta sa mga manggagawa at maliliit na negosyo," sabi ni Mayor Robert Garcia. "Ang mga residente ng Long Beach ay nararapat na bayaran ng sick time (panahon ng pagkasakit) sa panahong ito sa krisis sa kalusugan at ang ating maliit na negosyo ay nangangailangan ng pautang at pag-access sa mga grant."

Ang komprehensibong mga Programa ng Economic Relief Plan ay makakatulong sa mga pamilya at mga may-ari ng negosyo na tugunan ang mga sumusunod na kritikal na pangangailangan, bukod sa:

- Upang mapunan ang mga gaps sa pederal na patakaran ng supplemental sick leave, ang City Attorney ay gagawa ng isang ordinansa na mag-uutos sa mga employer ng Long Beach na may higit sa 500 na mga empleyado sa buong bansa na magbigay ng karagdagang (supplemental) sick leave.
- Upang matulungan ang mga naapektuhan na mga hotel at motel, na gagawa ng Hospitality Recovery Task Force upang makabuo ng isang plano upang makabuo ng mga estratehiya para sa pagbawi ng mga bisita, paglalakbay sa negosyo, turismo sa paglilibang at magdamagang mga silid sa Long Beach.
- Upang matulungan ang kasosyo sa mga may hawak ng mortgage sa mga nonprofit upang maitaguyod ang mga pang-estado and pang-pederal na programa ng proteksyon laban sa pagkaremata (foreclosureng) at makipagtulungan sa nonprofit economic develop o community development na mga korporasyon upang makabuo ng mortgage assistance na programa.
- Upang tulungan ang mga hotel at janitorial na manggagawa na natanggal, ang City Attorney ay gagawa ng isang ordinansa upang magbigay ng mga patakaran sa pagpapanatili at pagtawag muli (retention and recall policies) sa mga manggagawa.
- Upang magbigay ng kapital sa pagpapatakbo ng Negosyo sa mga lokal na maliliit na negosyo at mga non-profit na organisasyon na hindi makakuha ng pautang (loan) inaprubahan ng Lungsod ang paglikha ng isang bagong Emergency Microloan Program (Programang Emerhensiya para sa Maliit na Pautang).
- Upang maprotektahan pareho ang kalusugan mga kustomer at manggagawa, ang City Health Officer ay nagtatag ng mga bagong mga protokol kabilang ang isang bagong user-friendly na listahan ng listahan ng maliliit na negosyo (mall business checklist) na dapat naka-post sa lahat ng mahahalagang negosyo sa Abril 15.
- Upang maabot ang mas maraming residente na may impormasyon tungkol sa mga suportang serbisyon sa iba't ibang wika, papalawakin ng Lungsod ang Programa ng Access sa Wika (Language Access Program) nito.

CITY OF LONG BEACH

- Upang ligtas na tulungan ang mga tao sa ilalim ng self-quarantine, na may prayoridad sa mga matatandang tao. Ang City management ay patuloy na mag-aalok ng kasalukuyang mapagkukunan at pagpapalawak ng mga pagkakataon upang matulungan ang mga nangangailangan, lalo na ang mga taong mahigit sa 60 taong gulang.
- Upang gawing mas madaling ma-access ang mga programang ito ng mga lokal na manggagawa at maliliit na may-ari ng negosyo, nag-aalok ang Lungsod ng maraming mga mapagkukunan, kabilang ang:
    - Isang hotline, 562-570-INFO (4636), para sa pangkalahatang tanong tungkol sa COVID-19.
    - Isang hotline, 562-570-4BIZ (4249), para sa mga negosyo at manggagawa
    - Isang bagong website para sa mga negyosyo at manggagawa
    - Isang website para sa COVID-19 na pang-impormasyon na mga mapagkukunan
    - Isang website ng mapagkukunan para sa negosyo at manggagawa
- Upang mangolekta at mamahagi ng mga donasyon sa mga organisasyon na tumutulong sa mga taong apektado ng COVID-19, ang Lungsod ay lumikha ng Long Beach Disaster Relief Fund (Pondong Tulong para sa Sakuna sa Long Beach) sa pakikipagtulungan sa Long Beach Community Foundation.
- Upang maikonekta ang mga taong nais na magboluntaryo ng kanilang oras o mga mapagkukunan upang matulungan ang iba na nasa quarantine, isang Volunteer website ang itinatag.

Ang Lungsod ay patuloy na mag-uupdate ng mga mapagkukunang ito sa pamamagitan ng:

- Patuloy na paghingi ng mga tulong (grant) at donasyon upang makinabang ang mga lokal na non-profit upang maitaguyod ang pagkakaiba-iba ng sariwang pagkain o iba pang mga kalakal para sa mga nasa quarantine.
- Pagdaragdag ng mga mapagkukunan sa call center at web page.
- Pagsusulong ng pakikipagsosyo sa mga lokal na non-profit na organisasyon upang manatiling konektado sa mga taong nasa quarantine.

Inihanda at ipinakita ng Long Beach City Manager na si Tom Modica at Economic Development Director na si John Keisler ang Economic Relief Package. Noong Marso 17, inatasan ng Konseho ng Lungsod si Modica na makipagtulungan sa City Attorney at lahat ng mga nauugnay na departamento upang masuri ang pagiging posible ng pagpapatupad ng isang pang-ekonomiyang tulong para sa mga nagtatrabaho na pamilya at maliliit na negosyo na naapektuhan ng COVID-19 na emergency.

Nagsagawa ang mga kawani ng outreach sa mga kagawaran ng Lungsod, mga kasosyo sa pribadong sektor, mga institusyong nagpapahiram ng pera, mga may-ari ng ari-arian at mga organisasyon na nakabase sa komunidad na naapektuhan ng emerhensiyang COVID-19, upang suriin ang 12 lugar na may isyu at magrekumenda ng mga estratehiya para sa pagsasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod.

Ang mga ordinansa ay babalik sa Konseho ng Lunsod para suriin. Dapat aprubahan ng Konseho ng Lunsod ang mga ordinansa bago ito maging epektibo.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang mga residente nito, bisitahin ang: longbeach.gov/COVID19 at sundan sa @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

# # #

Para sa higit pang mga balita, larawan, video at mga anunsyo sa kung ano ang nangyayari sa Long Beach, sundan kami sa Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.